



UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
LIBRARY

Magasin ng
BAGONG *Ruhang*

MARSO 2, 1958


**ANG DIGMAAN
SA PAMBANSANG
BILANGGUAN...**

pahina 2-3

**Ang Kontrobersiyal Na
Tao Sa Kasalukuyan**

Pahina 14-15

Ito ang Brigada 1 na siyang pinagmulan ng labu-labu sa Muntinglupa noong ika-16 ng Pebrero, araw ng Linggo. Ang labu-labu na pansamantalang nasasala sa dakong tanghali ay muling naganap sa kinaumagahan ng Lunes.



Nakagimbal sa mamamayan ang nangyaring pagpapatayan ng mga bilango sa Muntinglupa noong nakaraang buwan. Kung ano ang tunay na naging sanhi niyon ay siyang nais malaman ng marami. Basahin ninyo ngayon ang lathalang ito . . .

Ang Digmaan Ng

SUMIKLAB ang digmaan sa Muntinglupa, Rizal noong ika-16 ng buwang lumipas. Ang naglaban ay dalawang matigas na pangkat — ang **Sigue-Sigue Gang** na pawang Tagalog at ang **OXO** na mga Bisaya. Ang pagsasagupa ng dalawang pangkat ay dumating sa isang pagkakatagong hindi sukut-akalanin kahit na ng mataalas na pinuno ng bilangguan.

Labintatlo ang namatay at dalawampu't walong sugatan ang naging bunga ng madugang labanan na tumagal ng kulang-kulang na dalawampu't apat na oras.

Ayon sa mapagtitiwalaang balita, ang naging titis ng paglalaban ng magkabilang pangkat ay naganap noong gabí ng araw ng Sabado, ika-15 ng Pebrero. Nang araw na liyuan ay isang bilangong nabibilang sa pangkat ng **Sigue-Sigue** ang sinaktan ng isa ring bilangong nabibilang naman sa **OXO Gang**. Ang pangyayaring liyon ay naganap sa kitchen ng bilangguan. Noon pa ay dapat na sanang **dumamak** ang dugo sa pambansang bi-

Janguan, nguni't nasawata ng mga kapuwa bilango.

Lubbhang dinamdang ng mga kapanalig ng bilangong nasaktan ang nangyari at ayon ay nakapag-iwan ng "mahapding kiroi sa kanilang puso." Samantala, ang nanakit at ang mga kapanalig nito ay nag-akalang ang naganap na tapo sa loob ng kitchen ay walang ano man sa isang pangkat. Hindi nila nabahatid na sa kalamigang ipinakitikang mga **Sigue-Sigue Gang** ay mayroon namang binubuo ang mga ito na isang malupit na paghihiganting magpapanyag sa loob ng pambansang bilangguan at matititik sa aklat ng kasaysayan niyon.

Noong Sabado ng gabí, matapos maitanghal ang isang magandang panoorin sa kampo ng bilangguan ay matabikim na nagbahalik ang mga bilango sa kanilang mga brigada. Nguni't hindi pa gaano ng tagatalag ay biglang pinukaw ang katahimikang naghabang sa pambansang bilangguan ng mga sigawang nangumula sa Brigada 1 at

siyon ay sinundan naman ng mga bilanggong nasa Brigada 3 at 4. Dahil sa hindi makapangahas ang mga tanod na umakyat at pumasok sa loob ng mga naturang brigada, ang ginawang mga ito ay ipinagbigay-alam ang pagkagulo ng mga bilango, sa kanilang puno, kay direktor Alfredo Bunye. Hindi nagbabaya ang puno ng pambansang bilangguan. Noon din ay nagtungo sa mga naturang brigada. Sa pamamagitan ng isang loudspeaker ay buong hinahong sinabi ni Direktor Bunye sa mga bilango na magtatambikim na, sapagka't noon ay may-kalaliman na ang gabí.

Ang mga bilango ay matali namang sumunod sa utos. Minsan pang naghari ang katahimikan. Buong pagtitiwalang lumisan ang puno ng bilangguan sa pag-ssang matabahimik na ang labat. Lingid sa kaalaman ni Direktor Bunye, sa kabila ng katahimikang liyon ay may binabalak palo ang dalawang pangkat na "may samaan ng loob."

Sa gitna ng kalaliman na

MAGASIN NG BAGONG Buhay

Lumalabas tuwing Linggo ng umaga sa kelokip ng paherapang **BAGONG BUHAY** Sa Sining Tonggapan, Manila Times Bldg., Florentino Torres, Sta. Cruz, Maynila
Pansamantalang Imbagang PSP Press, Sampaloc Ave., Luneta, Quezon

Nemamatagal: **EDDIE BAÑOLA**

MERCEDES R. MACALALAG
Pala-Pambansang
CAROLINA R. FLORENCIO
Kasaysay

FETE VENEZUELA
Sa Sining
REN C. SANCOS
Pala-Pala

HALAG: NG SUSUKSIYON LINGGO "MAGANG"
Kilalang buwanang 200 at Anon. na buwanang P20
Isang kopya P10.00
Dugo ang kolektang pagdadala sa ibang bansa

gabi ay lihim at buong tiyagang pinapanday noon ng mga bilango ang mga patalim na mula sa kanilang mga kutsara. sa haligi ng kanilang tulugan at sa iba pang bagay na inaakala nilang magasisibit pamatay ng kapawa.

Sa mga mukha ng mga Manila Boy ay nakalarawan ang lupit ng paghiganti. Samantala, sa aryo namon ng mga Bisaya ay mahahalata ang pagkatulaga sa ano mang manyarayan. Ang magkabilang pangkat ay kapuwanihanwala na ang isa sa kanila ay narapat maghahari sa loob ng pambansang bilangguan upang ang kapangyarihan nila ang kilalanin ng mga bilangong kasama nilang nagsisipagadusa sa mga katalangang nagawa nila sa lipunan ng dalawang daldig.

Kinaunmagan, araw ng Linggo, matapos magsumbong ang mga bilango at magsisibalik na ang lahat sa kanilang brigada, ay saka sumiklab ang labanan ng dalawang pangkat. Noon ay mga alas-uwbebe. Kaalis pa lamang ni Direktor Alfredo Bunye patungong

iba pang brigadang naroroon. Nagsimulung magkagulo na rin sa mga gusaling bilang 3 at 4. Ang mga naglaban sa dalawang brigada ay mga kaanib din ng Sigwe-Gue Gang at OXO.

Sa gilna ng pagkakatagulo ay biglang dumating ang pangalawang direktor ng bilangguan, si Erierto Misa Jr. Sa pamamagitan ng kanilang Public Address System ay sinabi ni Misa na magisitigil ang mga bilangong sa kaguluhang iyon. Ang panawagan ng pangalawang direktor ng bilangguan ay hindi pinansin ng mga nagsisipaglaban. Dahil doon ay matigas na nagbala si Misa, na kung hindi sila titigil ay magpapaulan ng punlo ang mga tanod upang wakasan ang lahat. Sa sinabing iyon ni Direktor Erierto Misa Jr. ay saka pa lamang natigil ang sapaguan ng dalawang pangkat. Noon din ay iniutos ng pangalawang puno ng bilangguan na ang lahat ay maglilabas sa kanilang brigada nang walang damit sa katawan. Ang lahat ay mapapangang nagsisunod at ang mga ito ay binilad sa init ng araw. Gatap na

ika-11:30 ng umaga nang matigil ang nakapanghigilabot na labanan sa magiwan ng ilang patay at maraming sugatan.

Hindi nagtagal at nagsidating ang mga PC buhat sa mga lalawigan ng Rizal, Laguna at Kabite. Sa tulong ng mga kawal ay ganap na papayag ang lahat. Noon din ay sinimulan ang paglilinis ng mga patalim sa mga brigada 1-3 at 4. Nang inaakalang wala nang nalalabing sandatang pamatay ang mga bilangong ay muling pinabalik sa kanilang brigada ang lahat. Liangid sa kaalaman ng mga pinuno ng bilangguan ay may mga nakatago pa palang patalim ang mga bilangong sa kisame ng kanilang brigada.

Kinabukasan ng umaga, ganap na ika-8:30 ay muling nagsagupa ang mga bilangong pangkat. Ang bawat isa ay ibig mckapagiganti. Ang mga nobilitang sa Sigwe-Gue Gang na nasa ikilawang brigada ng Brigada 1 ang siya namang bumaba sa unang palapag upang kunin ang kanilang mga kaaway sa bartolina. Sa pagkakatagong

iyon ay walang taros ang ginawa nilang pagpatay, at hindi pa nagkasiya na patalim sa patalim ang kanilang mga kaaway ay sinunog pa nang buhay ang isa sa mga iyon. Sa kakilalabot na pangyayaring ito ay hindi tuloy makilala ang marami sa mga napatay ng malulu-pin na nagsisipagiganti, at kaya lamang nangakila ay dahil sa mga fingerprint o bakas ng daliri.

Ang mga nasawi sa unang araw ng labanan ay mga sumusunod: Jesus Dizon, 26, ng San Fernando, Pangpanga; Pablo Calares, 31, ng Talavera, Nueva Ecija; Martin Dorado, 24, ng Daet, Camarines Norte; Marcelino Baltazar, 32, ng Nueva Ecija; Jose Carriaga, 28, ng Sampalok, Maynila; Santos Cruz, 40, ng Mayaypang, Nueva Ecija; Eugenio Barbosa, 30, Gatas, Lunsod Quezon at Cresenciano Blanca, 32, ng Tabaco, Albay.

Sa ikalawang lalong madugong labanan ay ang mga sumusunod namang napatay ng mga Sigwe-Gue Gang: Alfredo Gabriela, 29, ng Iloilo; Porfirio Sanchez, 28, ng Isabela, Negros Occi-

dental; Carlos de los Reyes, 22, ng Kalumpang, Marikina, Rizal; Francisco Manolo, 29, ng Guibulungan, Negros Occidental at Ernesto Cruz, 25, ng Binundo, Maynila. Bukod sa mga namatay ay marami pa rin ang nasugatan sa magkabilang pangig.

Sa kagimbal-gimbal na pangyayaring iyon ay maddaling kumilos ang Pangulong Carlos P. Garcia. Inatasan ang isang komite na gumawa ng mahigpit na pagsisyayat, matapos na sabihin ni Direktor Alfredo Bunye na dumalo sa isang tangsi-pulong ng lupon ng katarungang sa senado.

Sa nabanggit na pulong ay mabunyang ang maraming bagay. Ipinabayag ni Direktor Bunye ang paghihirap at mga suliraning kinakaharap ng mga pinuno ng bilangguan upang mabigyan ng kasiyahan lamang ang mga bilangong nagsisipagadusa sa pambansang bilangguan.

Ang mga inihayag ni Direktor Bunye sa pulong komite ng katarungan sa senado ay maliwanag na natatunayan ni Kalihim Pedro Tuszon nang ito ay mag-

Mga Bilango Sa Muntinglupa

ni ARTURO MA. MISA

Bagyo unang dumalo sa isang tangsi-pulong pang nagsimula ang labu-labo. Sa ikilawang palapag ng Brigada 1 nagsagupa ang dalawang pangkat.


Habang nagsasagupaan sa itaas, ang isang pulutong ng mga OXO ay bumaba sa unang palapag upang mula sa bartolina ay kunin ngaman ang iba pa nilang kaaway. May dalang silang mga patalim na pamatay.

Nang makita nina Inspektor Francisco Roxas at Mariano Hilapo ang pulutong ng mga bilangong na pumapanag ng hagdang ay nagsipagtago agad ang dalawa. Ginawa nila iyon upang hindi mabigay sa mga bilango ang susi ng bartolina nasa pagtingal ni Inspektor Hilapo.

Gayon pa man, sa pamamagitan ng matitigas na bisig ng mga bilangong ay nakuhang sirain ang pinto ng bartolina at isa-isa ang kukuha ang kanilang mga kulaban na nabibilang sa kabilang pangkat. Nang mga sandaling yon ay dumadantak na ang dugo sa unang palapag ng Brigada 1.

Ang pagkakatagong yon ay nakatawag ng pansin sa

Pagkatapos ng ikalawang gulo, ang mga kawal ay humimil sa balkonate ng administration building sa harap ng Brigada 1 at matamang nagtanod sa mga presong tinipon sa labas ng brigada upang maiwasan ang muling pagkakatago.



Sinusuri ng ilang tauhan ng bilangguan ang ginamit na mga sandata ng mga bilangong naglaban-laban na powang yari sa mga bagay na maraming matagpuan lamang sa kanilang mga selda, gaya ng mga kutsara, mga haligi ng bahay, rehas ng selda, pinatulis na mga langkay ng sipilyo at suklay, at mga alambre.



Si John Wayne, may taas na 6 na talampakan at 4 na dali, sa piling ng magkakapatid na Rafael, Vicente at Ernesto Rufino at ng mga maybahay nito: Kuha ang larawan noong ika-21 ng Pebrero, nang si John ay handugan ng maringal na salusalog ng mga Rufino sa tahanan ng mga ito sa Taff Avenue. Sa ibaba ay ang bituin ng Hollywood sa piling naman nina Flordeliza Tinga, Caridad Diaz at Chona Trinidad ng "Phil. Tourist and Travel Association." Ito'y kuha sa "Filipino Merienda Party" na inihandog kay John Wayne ng PTTA.

ISA PANG BITUIN NG HOLLYWOOD, SA PILING NG MGA PILIPINO

ISA PANG bituin ng Hollywood, si John Wayne, ang tumutong ng Pilipinas: nitong linggong nakaraan at nanatili rito nang dalawang araw at tatlong gabi. At ang ginawang pagtanggap ng mga tao sa artistang ito'y katulad din ng ginawa kina Tyrone Power, Marlene Brando, George Montgomery, Jeff Hunter, David Brian, John Agar at sa iba pang artistang amerikanong nagsidalaw na rito, na pawang dinakitunguhan nang buong-giliw ng mga Pilipino.

Nguni't sa mga artistang nabanggit, maiitangit ni John Wayne ang kanyang sarili pagkatapos siya ang higit sa lahat ay napalapi sa kalooan ng mga Pilipino, nakasalamuha niya sa maikling panahon. Dahilan: ang mga pananalita (lalo na ng mga pagbibiro), ang ugali at ang mga gawing ni John Wayne ay naging kaibig-ibig sa mga Pilipinong nagkapalad na makita o ma-kausap siya pang personal. Kaya naman ang pagkakarito ni John Wayne ay maging isang bahagi na ng kanyang alaala, tulad din ng mga Pilipino, na kapa'y di na siya maililimot.

Si John Wayne ay dumating dito noong gabi ng ika-19 ng Pebrero at umalis noon; umaga ng ika-22 ng nasabing ring buwan.



Ang tatlong araw na inilagay rito ni John Wayne ay pinalipas niya sa pakikihalubilo sa mataas na lipunan ng Maynila, gaya ng pagdala sa mga paglilipon sa karami'y inihandog sa kanyang karangalan, pakikipanayam sa mga kinatawan ng pahayagan at radyo, personal appearance sa Odeon Theatre nang itinatanghal doon ang "The Legend of the Lost" na pinamuhunan at ginampanan niya, at oagtungo sa maririkit na pook sa paligid ng siyudad. Dito'y makikita siya samantalang naglilibot, kasama ng ilang Pilipino, sa makasaysayang pook ng Korehidor.



ISA NANG KAYAMANAN — Ito na marahil ang pinakamahal na sapatos sa buong daigdig — 700 dolar ang pinakamababang halaga ng isang pares. Yari sa kamay at binubuo ng lantay na gintong may 18 kilatis, ang ideya ng sapatos na ito'y nagsimula sa Alemanya nang ang isang may pagawaan ng sapatos at magpapunta ng isang pares para sa kanyang ninamahal na anak.

Mga BALITA sa LARAWAN

MULA SA PAMILYA NG MSA KAMPEON — Si Jackie Lynn Koehnke ng Glen Ellyn, Illinois, kampeon ng Estados Unidos sa isahan sa pugot, samantalang nasepapatik bilang paghahanda sa mga torongon lalabhan niya sa Londres, Ingletera. Ang mga torongon nakamit na ni Jackie ay makikita sa kanyang likuran. Si Jackie ay mula sa isang pamilya ng mga kampeon sa palakasan.



Panunuring—aklat

IKAPITONG AKLAT NG KUWENTONG TAGALOG

(MAIKILING KATHA NG DALAWAMPUNG PANGUNAHING AWTOR. Piniit at pinamatuagan nina A. G. Abadita at P. B. P. Pineda, Pineser Printing Press, 1629 Solar, Maynila, x-199pa. Pagkakalat: ₱6.50; pamparalan: ₱3.00.)

Ito ang pinakahuling (1957) edisyon ng katipunan ng maiikling kathang Tagalog. At, di nga kasi, may kamay dito si AGA — gaya rin doon sa kauna-unahang pagtatangkang ganito (noong 1936: *Mga Kuwentong Ginto*). Tunay na nakapagataka ang pangyayaring sapul noong lumaganap ang maiikling kuwento sa panulatag Tagalog ay ikapito lamang ang katipunang ito. Ang iba pa: 50 *Kuwentong Ginto* ng 50 *Batikang Kuwentista*, 1939; Ang 25 *Pinakamabuhay na Maikiling Kathang Pilipino* ng 1943, 1944; *Mga Piling Katha*, 1948; Ang *Maikiling kuwentong Tagalog: 1886-1948*, 1949; at Ang *Maikiling Kathang Tagalog*, 1954; Talaga kayang kakaunti lamang ang maiikling kathang Tagalog na karapat-dapat maisaaklat?

Hindi rin nawawala ang dating sigla at paghihimagsik ni AGA. At sa pagkakatung ito ay pinatingkad pa ng kanyang kapatnugot, si P. B. Pineda. Kapwa sila mapusok. Nagaalab ang kanilang panunang salita. Una nilang pinaratangan ang "malakas na bahang-agos ng nag-alimpuyong pangangalakal" nitong nakaraang sampung taon na siyang ikinamatay ng mga babasahing "nagbabandila ng simulaing kagunay ng mauri-uring panitikan." Tinutukoy nilang naging biktima ang Krumangsi, Malaya, Kadiparan, at iba pa.

Tunokel sa "pangangalakal" sa panulatan o sa panitikan, ang katipunan ito ay mabuhalaang hindi magpapahik ng makapagpapagaling pakinabang — sa kali mang pakinabangan — ng mamumuhang nagpalimbag. Ang mga patnugot na rin ang kinamalsan namin ng alinlangan sa bagay na ito. Pano'y dalang-dala na sila sa kawalang-tugon ng bayang mambabasa kung tungkol din lamang sa "mauri-uring panitikan." Kung bagaman ay mabilili ang aklat na ito sa mga paaralang nagtuturo ng panitiking Tagalog, lalo na ng maiikling kuwento. Iyan lamang ang kanilang pangalala. Sa ganang akin ay dapat pasiglahin ang ano mang pagtatangkang ganito, na matipon sa aklat ang mabuhay na katha. Masaring hindi tayo makaisa ng patnugot sa pamiliit at pag-ayos ng aklat; ngunit hindi matatalimuwang ang mahigpit na pangangailangan ng ganitong mga aklat. Iyan lamang ang tanging paraan upang mapangailangan ang kapakanan ng panitiking Tagalog.

Sabihin pa, ang ganitong uri ng katipunan ay laging kasisinagan ng katabuan at kolagan ng patnugot o mga patnugot. Huwag na nating daliriri pa ang maliit na pagkakamali at pagkukulang na nakasasakit sa mata at sa maramdaming ego ng ilang manunulat (kung hindi ganap ang pagkakatilim ng kanilang pangalan halimbawa, o may nabawas o napalitang titik o kataga sa kanilang kathang). Ang bagay na iyan ay mapagpaparaya na sa mga patnugot at sa kanilang pagpapaghalha na wika ngay hindi sinasadya. Ang makabuhalang pag-ukulan tatin ng passin ay ang katuturan ng ginawa nila alang-alang sa panitiking sarili.

Walang pagpapanggap ang mga patnugot na ang katipunang ito ay sukaldan ng kahusayan sa kasalukuyang hanay ng maikling katha. Manapa'y sinikap nilang ilakip dito ang namumukod na kuwento ng mga "pangunahing awtor" na nagkaganimpala sa iba't ibang timplak-panitik. Sa pangyayari pa nga kag Gne-Gonoveva D. Edrosa-Matute ay iyon na ring isa niyang kuwentong nagkaganimpala sa timplak Palanca ang inilakip dito. Kaya kung dahil man lamang sa pangyayaring pawang "pangunahin" ang mga may-akda ay karapat-dapat basahin at pag-aralan ang mga katha sa katipunang ito.

Sa bagay, hindi lahat sa 20 awtor dito ay kikiialangan pangunahin, lalo na mga palatizing mambabasa ng mga lingughang "sariling-sarili na lamang na pangangalakal." Ni hindi nasisiyahan sa mga dahon nito ang ilan sa 20 "pangunahin" — ayon sa palagay ng mga patnugot, mangyari pa. At gayon di naman, ang ituturing na pangunahin ng mga palatizing mambabasa ng nabanggit na mga babasahing may "sariling-sarili na lamang na pangangalakal," ay hindi kasama rito. Maauririg, hiningan ng kuwento ang mga iyon, ngunit sa isang dahilan ay hindi nakapagbigay. Samantalang ang mga awtor na "hindi dinig" ay nagkapuwang sa katipunang ito sa isa ring dahilan o iba pa.

Isang bagay ang hindi matawiran sa katipunang ito, gayon pa man. Ang mga kathang kalakip nito ay hindi pinili alang-alang sa ikaaliw lamang ng mga mambabasang ang hanap sa katha ay aliw lamang, at aliw na pang-ibabaw lamang. Sa isang paraan ay matatagpuan din ang aliw sa mga kuwentong ito, ngunit hindi iyong aliw na paimbabaw. Iyo'y isang pang-aliw na nakababalin sa isang dating ng kathang nakasali sa katunayan ng buhay.

Narito ang dalawampung maikling katha na naglalarawan ng iba't ibang ka-hayagan ng buhay, ng buhay-Pilipino sa paningin ng mangangathang Pilipino. Ang lahat ay pawang matatapat na paglalarawan at hindi panghuwad upang makaaliw lamang. Oo, masasabing ang karamihan ng mga kathang ito'y nagtataglay ng inatagaw na "malungkot na masid sa buhay"; ngunit iyo'y katangian ng dakilang sinig. At kung hindi man ganap ang pagkakatagay kung baga sa *bruyante*, ay angkin naman ang kinang ng lantay na hitas. — P. R. GLORIOSO



PALAKASANG "KUMAIN" NG GATAS — Tatlo ang nagsagupa sa bahaging ito ng labanan. Ang kinakatawan ng mga sanggol na ito (pakikinan) ay ang Tsina, Estados Unidos at Hapon. Ang "suso" ng mga "Kura Dorob" ang naralo, at pumangalawa ang sa mga "Sherrup". Ang panlaban na "lupain ng mami't siyapa" ay rakulal pagka't nakatulong bago naubos ang laman ng kanyang bote. (Ang saba ng kanyang ina: "BO SWETE.")

KARERA SA PAGGAPANG — Makikit ang limang sanggol na kumakatawan sa Hapon, Nasyonalistang Tsina, Taylandiya, Estados Unidos at Indiya sa pagsimula ng kanilang pagkakarera. Para na nin-yong narinig ang tilian, sigawan at pagtawag sa pangalan ng mga bote ng kani-kanilang mga ama't ina.

OLIMPIYADA NG MGA "BABY"

KUNG ang pag-uusapan ay kaingayan (sigawan tilian at iyakan) at ang pagiging balita sa lahat ng dako, "maluluma" ang mga naganap nang *Asian Olympic Games* at maging ang gagaganapin pa sa Mayo sa Hapon, sa olimpiyang idinao sa siyudad ng Tokyo noong nakaraang buwan. Ang nanggit na olimpiyada'y nilahukan ng siyam na sanggol na kulang-kulang sa dalawang taon ang mga edad at ang kanilang pinaglabanan ay karrera sa paggapang, unahang makaubos ng gatas na isang puno sa boteng pasusuhan, at paglalampin. Ito'y ang *Asian Baby Olympiad* na ginanap sa Nikkatsu Hotel sa Tokyo sa pagtataguyod ng apat na malalaking kompanya ng mga pampasaherong aeroplano sa Dulong Silangan.

Ang siyam na sanggol na nagsisipaglaban ay kumatawan sa mga bansang Hapon, Nasyonalistang Tsina, Indiya, Taylandiya at Estados Unidos. Ang bansang nagwagi o nagkampiyon ay ang Estados Unidos na ang mga kinatawan ay pinangunahan ng kambal na Jim at John Kuh. Pumangalawa ang Hapon, pangatlo ang nakapatas na Tsina at Taylandiya at pang-apat ang Indiya.

Makikit sa dalawang pahinang ito ang naging tabko ng nakatuwa at kauna-unahang Olympiada ng mga Sanggol sa Asya... (Pan-Asin Photo News)






UNAHANG MAKAPAG-LAMPIN — Masasabing ang mga stewardess na ito ng mga kompanya ng mga aeroplano ng pampasahero ang kalahok sa lebanan. Ngunit ang panalo'y nasasalalay din sa mga sanggol na kasali. Kapag malikot ang bata, malamang ang lalo niya. Nakita rin sa bahaging ito ng olimpiyadang ginagamit ng iba't ibang bansa.



NGAYON, ANG MGA KAMPEON — Ang kambal na sina John at Jim Kuh ng Estados Unidos na nanguna sa dalawa sa talong pinagtubanan ay siyang tinaghal na mga nambur wau. Makikita si Jimmy sa dako kanan nang hinihingan siya ng ilang pangungusap ng isang reporter ng isang istasyon ng radyo. Ang ginawa ni Jimmy, kinagat ang mike! Samantala, sa kaliwa ay tiningnan sandali ni John ang kopang gintong pinanahunan ng la, hiniplus-haplos at dinitaan ang kamay. Nang wala, siyeng natasahan, hinirahan ng tutog!





MGA PAGKAIN NATIN

Mga Payong Pantahanan

"Soybeans Balls"

Kagandahang-loob ng *Caltex (Phil.) Inc.*

Mga sangkap:

1 tasang tofu (minasa)	¼ tasang sibuyas na mitra (hiniwa-hiwa)
1 sibuyas (pinayat nang pino)	¼ tasang kintisy (hiniwa nang pino)
1½ kutsarang toyo	1 itlog ng manok (balihin)
1 kutsaritang asin	¼ tasang mantika
4 kutsarang gawgaw	
2 butil na bawang (pinitipit)	

Paraan ng Paghahanda:

Paghaluhain ang labat ng mga sangkap maliban sa mantika. Gawing bola-bola saka ipiritlo sa mantik na mantik na mantika. Hangun kapag mapula na at ihatag may kassamang sarsa.

SARSA:

¼ tasang cuka	¼ tasang tubig	2 kutsarang toyo
¼ kutsaritang asukal		1 kutsaritang asin

Paraan ng paggawa:

Matapos pagsama-samahan ang labat ng sangkap, isalin sa kawali saka pakulit. Pagkaraan ng ilang sandali, isama ang tinunaw na gawgaw (sa ¼ tasang tubig) at patalagin pa nang 1 minuto ang pag-jopakulo bago hangun.

"Fish En Blanco"

ni Nene Santos

Mga sangkap:

2 apahap (katamtamang laki)	mantika (pirituhon)
kaunting arina	2 tansay ng letsugas
¼ tasang tinadad na sibuyas	1 maliit na sibuyas (hiwain nang pabilog)
¼ tasang galas saka samahan ng	¼ tasang hamon (nilag at tinadad)
¼ tasang sabaw ng manok	
4 na kutsaritang mantikilya	
1 kutsarang kalas ng kalamansi, asin at paminta	

Paraan ng pagluluto:

Kalikisan ang isda saka ilubog sa kumukulong tubig. Kalikisang muli nang maalis ang mga natitirang pinong kaliksik. Kuskin ng kalas nang maalis ang mga natitirang asin. Pagkaloos ay igulong sa arina. Ipiritlo nang mala-mala sa mantik na mantik na mantika. Itabi sandali pagkahango.

Samanatala, paminit ang 4 na kutsaritang mantikilya, isunod ang tinadad na sibuyas at parkatapos ang pinitirong isda. Sabawan at timplahan ng asin at paminta. Pakulit nang 5 hangang 10 minuto. Tikman saka hangun. Sa malukong na pingan ihanyag ang letsugas, ipatong ang isda, isalin ang sabaw saka igayak ang kamatis at sibuyas na nahihitas nang pabilog. Pagkatapos ay ilubod sa ibaw ang hamon.

Ginisang Tokwa't Hipon

ni Nene Santos

Mga sangkap...

16 na tokwa	1 tasang tinalupang hipon
¼ tasang kalas ng hipon	4 na kamatis
4 na taling kintisy	5 butil na bawang
2 sibuyas	asin at patis

Paraan ng banaluto:

Hugasan ang tokwa saka kudra-kudraduhin. Hugasan ding mabuti ang kintisy saka hiwa-hiwin ng tiguisang dalang haba. Isasa sa mantika ang bawang, sibuyas at ang kamatis. Isama ang hipon, saka timplahan ng asin at patis. Isalin ang kalas ng hipon saka isibog ang tokwa. Pagkaraan ng sampung minuto isama ang kintisy at pakulit muli nang 10 minuto. Bago ihain ay biduhin muna ng paminta sa ibawah.

ni M. R. Macalafag

Langit ng uling ang ipanlinis sa salaming nabahiran ng pinta upang malinis agad.

* Paghaluin ang magkasindamang asukal at borax at siyang idilig sa pinagmumulan ng langgam.

* Upang talong tumagal ang panaraw na pinupol na bulaklak, timplahan ng kaunting sulphate of ammonia ang tubig na pagbabahiran.

* Upang mapawi ang pangcingit ng pan o lubhang pagkapagod dahil sa magkapong pagtoyo, hugasan iyong mabuti sa mantik na mantik saka kuskin ng pulbos ng borax. Ang pulbos na ito ay isang mainam na deodoranteng pampaa.

* Upang hindi malumang mabuti ang mantik o palatag sa mesa, unahin ang pagpapalantsa ng kabalikan sa isang isunod ang karavagan.

* Iwasan ang paglaki ng sira ng inyong mga kasutong o ano mang kamamitan. Tabin agad ang maliit na butas o puat nang hindi na lumakip na.


tahanan ng kagandahang-loob

ni Maria Jala Martinez
Tegapamahala ng paglilingkod sa itaon, Libby's (Phil.).

SIMULA NGAYON, mababasa ninyo sa plak na ito ang iba't ibang mga benepisyo ukol sa pagtanggap ng mga panauhin sa tahanan, mga makababagong pag-uusap at ang pagkaing maging maaliit sa mga panauhin. Sa mga susunod na linggo ay itatatala namin ang ukol sa mga salusalo para sa mga babo, ang pormal at impormal na pakikialamulo sa malalaki at maliit na mga pulutong at iba pang uri ng pagtanggap ng mga panauhin sa tahanan.

Ang pag-uusapan natin ngayon ay ikaw, bilang isang punung-abala. Ikaw ang pinakamalaking "sanggap" sa isang masayang handaan. Ang kaiga-igayang pagtanggap mo sa mga panauhin, ang malinis mong tahanan, ang masarap na pagkain ay ang mga bagay na kinalat sa alala ng iyong mga panauhin. Lahat ng ito'y mangangailangan ng pagpapatalo ng panawit at ang buhat ng kawili ay mapapalawig sa mga Kaya, hiniit sa lahat, maging panatag ang loob mo kung maghahanda ka. Gumawa ng paraan upong makapagbigay ng dalawa o tatlong oras bago dumating ang mga panauhin. Magpahinga, maligat at magbihis nang de-dy-dalaban.

(Sundan sa pahina 31)



PALAMUTING PANTAHANAN

Huwag itapon o itago ang mga luma ninyong orasan. Ang mga ito'y ginagawang kaakit-akit na palamuti sa dingding ng silid-tanggapan. Tulad ng nasa larawan, ang kuwadrang orasan ay pinaligiran ng inihagis na kahoy na kulay itim at dilaw, pula, at asul naman ang inipinta sa ibang bahagi. (Tingnang mabuti ang larawan).

Iginagalang Mo Ba Ang Kuru-kuro Ng Iba?

Ang taong hindi nahihikayat sa palagay ng iba, ang makasarili at ang takot tumanggap ng mga pagbabago, ay taong hindi kailanman marunong gumalang sa kanilang kapuwa. Ang mga taong ito'y masasabing abnormal at siya ring sumisira sa sariling lipunan at sa kapuwa.

Kung minsan tayo'y naniniwala at tumatanggap din ng palagay ng iba subalit sa kabila nito'y ang sarili rin natag kasaguttihan ang nasusunod. Upang matiyak ang sarili, mangyari lamang sagutin ang mga sumusunod na katanungan. Itala ang lohah ng kasaguttang pasang-ayon (oo) :

1. Btong-puso mo bang isinasagawa ang bagong pamamaraang iminungkahi sa iyo ng iba?
2. Kaya ba ng iyong kabiyak ay nagbibigyan din?
3. Maaaring mabigat ang dugo mo sa isang tao, subalit' niiniwasan mo ba ang paghatol sa kanya hanggang sa makilala mo siya nang lubisan?
4. Ang pinipili mo bang mga kasama ay young sa iyong paniniwala ay mapasusunod mo sa lahat ng iyong kasaguttuhan?
5. Sa iyong pagboto, pumipili ka ba ng ilan behat sa ibang koponan o partido at hindi sa isang tiket lamang?
6. Ang iyong mga kabigang baly behat sa iba'y ibang relihiyon.

Mga Tin-Edyer: Halinang Magpaganda

Nais ba ninyong maangkin ng kaakit-akit na alindog, mabaitid ang mga tuntuning kailangang sundin sa pagkain at sa iba'y ibang bagay na may kinalaman sa pagpapaganda? Kung gayon, basahin ang ilan sa mga paalalang dapat sundin ng mga tin-edyer...

1. Matulog nang walo o siyam na oras sa gabi. Kai langang mahiga bago sumapit ang ikasampu ng gabi at gumising sa pagitan ng ikasamim at ikapito ng umaga. Buxsan ang mga bitnang ng silid-tulugan nang pumasok ang malayang hangin.
Kung minsan ang pagpupuyat ay hindi naiiwasan, subalit' taumin lamang na watang klase kinabukasan nang makagising nang tanghali.
2. Kumain ng mga pagkaing masusustansiya at ilagay sa oras ang pagkain. Mag-ehersisyo ng regular.
3. Makabuhiti sa katawan ang paglakad nang talong mitya sa isang araw, ngunit' kung ito ay imposible, mag-ehersisyo na lamang nang regular, gawing 10 minuto na umaga at 10 rin sa gabi.
4. Kumain nang dehan-dahan sapagka't kailan man ang pagdudumali ay walang naidutulong na buti. Sariwang gulay, karne, itlog, isang quart na gabas at 6 na basong tubig ang dapat na maging kabuuan ng pagkain. Ang tubig ay kailangang inumin bago o pagkatapos kumain at hindi sa oras ng pagkain. Ang piniritong pagkain, ang biskwit, kendi, mainit na tinapay, at matamis ay dapat na iwasan, kung nais ninyong kayo'y maging maganda sa lahat ng oras.
5. Dapat na magkaroon ng isang libangang ang isang tin-edyer. Halimbawa'y tenis, panimiskileta, paglaros at iba pang uri ng paglilibang. Simulan ang paggawi ng libangang habang bata upang sa pagtanda ay maging sanay na rito. Nakatutulong ito upang magkaroon ng mataas na pag-iisip at nagiging madali ang pakikisala-waha sa mga tao.

- Katayuan sa lipunan at pook?
7. Inuunawa mo ba muna ang pakaliwa't pakanan ng isang bagy bago ka tuluyang magbitiw ng iyong palagay?
 8. Nagtutungo ka ba sa ibang pook, nakikihalo sa ibang tao at sinusubok mo bang kainin ang kanilang mga pagkain?
 9. Iginagalang mo ba ang paniniwala ng ilan bagama't alam mong sila'y mali at kaya ka lamang sumasalungat ay kung nakapinpisala ang kanilang palagay sa iyong kapuwa?
 10. Nahihingan ka ba ng payo ng iba at napapakiusapang mamagitan sa ano mang sigalutang nangyayari sa kanila?

- MGA KATUMBAS ng sagot na OO...
- 7-10... isa kang taong may wastong kaisipan, tumatanggap ng kawitiran, mapagpapaanhlh at marunong makibigay sa kapuwa.
 - 3-7... may mga pagkakaataong napagbibigay ka at mayroon din unang mga oras na hindi ka nakapagpapalampas. Kaya, ang pagbabago ay nasasa iyong kapasuhan.
 - 0-2... nagpapakilalang matigas ang iyong kalooban, may bahagyang kasakiman at ikaw na rin sa iyong sarili ay hindi mapalagay. Datapuwa't huwag kang mabahala sapagka't hindi pa huli upang ikaw ay magbago.



4 na lahat





Ang dalawang bjuasang nasa gawing kaliwa ay mayagpaparisan ninyo para sa kasuotang pang-graduwayon ng inyong mga anak. Ang mga bestido nama'y mainam na huwaran para sa darating na Mahal na Araw.

Isa lamang sa apat na naggagandehang kasuotang nakalarawan (ang nasa gitna) ang hindi napapalamutihan ng puntas. Sa halip ay butones ang ginamit. Nagkagayon ne'y maganda rin ang pagkakaayos.

Ang Pagsunod sa Moda

Ang mga nakalarawan ay ilan lamang sa mga makabagong kayarian ng mga bestidong moda sa panahong ito. Dapat lamang ninyong isaisip tuwina na hindi lahat ng yari ng damit ay maaaring bumagay sa inyo. Subukin munang labasin ang gayong kayarian sa murang tela nang maiwasan ang pagkakagasta.



BULAKENYA



"Mahirap pala ang magmodelo" wika ni Naring. Paano nga naman, binibiro ninyong paupuin kaya sa mainit na semento?



Mukhang nasisiyahan si Naring sa kanyang pagkakahawak sa haligi. ano po? Sinn kaya ang ngingingitan niya?

Kung tutoong may "matamis na ngiti," gaya ng sabi ng mga makata, ang pahinang ito'y tiyak na lalanggamin dahil sa katamisan ng mga ngiting iniuuko sa atin ng dalagang nakalarawan!

May kakilala ba kayong "Bulakenya"? Marahil ay may-roon... at maaring marami. Ngunit kung wala, ipakikilala, namin sa inyo ang isa — si Honorata Sevilla, na lalong kilala ng kanyang mga kaibigan sa palayaw na Naring. Si Naring ay isa sa mga ipinagkakapuring dilag ng San Miguel, Bulakan. May 5 talampakan at 1 pulgadang taas, magandang hubog ng pangangatawan at kulay na tinatwag na "kayumangging kaligatan." si Naring ay isang tunay na larawan ng "Dalagang Pilipina." Tinanghal siyang Musa ng "Samahang Selya" sa kanilang nayon kamakailan.

Katulad ng ibang dalaga, si Naring ay mahilig dumalo sa mga kasayahan, magbasa, maglangoy at manood ng sine. Iyan ang kanyang mga libangan kung wala siyang gawain at hindi abala sa pag-aaral. Ang kanyang mga paboritong bituin ay sina Rock Hudson at Deborah Kerr.

Sa taong ito, si Naring ay magtatapos ng Bachelor of Arts sa Unibersidad ng Santo Tomas.





May magandang hangarin ang Papa ni Luisito para sa kanya, subali't iba ang pangarap niya: ang paglabas sa tanghalan bilang isang bituin ng bodabil. Dito likot ang kasaysayan ng bagong nobelang ito.

BABALIK...!

nina Ben Arguelles at Luciano A. Dominguez

HALOS MAGPUTOK sa dami ng tao ang SAVOY Theatre. Namamayani tuloy ang ingay sa lahat ng sulok ng sinehan. Isang bodabil ang noo'y tinatanghal. Nababakas sa bawat mukha ang pananambik labang ang sampung cherus girle ay walang pagod sa pag-indak sa himig ng nakakakiliting tugtugin ng can, can.

Naliligo sa liwanag ang buong entablado. Ang orkestrang nasa harap ng tanghalan ay masiglang-masigla sa kanilang pagtugtog. Bawat indak at bawat galaw ng mga nag-sasayaw ay tumang-tugma sa kanilang ipinaririnig na tugtugin.

Walang hinto sa kapapaswit ang kalalaking nagisipanood. Siyansya sila sa ipinalalabas. At lalo nang lumakas ang paswitan sa sinabayan pa ng paminsan-minsang sigawan nang pumasok na papaloob sa tanghalan ang sampung babaing nagisipag-sayaw.

Mabilis naman ang sinawang pagkakatlab ng mga juglers sa tanghalan na nagpapakita ng iba't ibang uri ng bilang sa paghahigis ng hugis

boteng kahoy na kanilang pinagpapashan. Sa magkabilang sulok ay dalawang lalaki ang patuloy sa pagkain ng apoy.

Mayamaya'y lumabas ang isang lalaking nagpakita ng kahusayan sa pagpapakit-ikot sa tanghalan sa pamamagitan ng bisikletang lisa ang gutong. Pagkatapos ay pumagitna naman ang dalawang lalaki at isang babaing makikang ang suot na damit at nagpamalig ng iba't ibang klase ng ng pagisirko sa harap ng mga manonood.

Nguni't biglang humungong ang tawanan sa loob ng sinehan nang lumabas si Tsipopoy, ang matabang payasong umalag ang tiyan kung naglalad. Maluwag ang kanyang ponalang tulon na may malaking tagai sa may puwitan. Pilip niyang ginagaya ang mga nagsisirko na nagdulot ng katawanan sa lahat. Madalas na napaupo siya sa pagisirko.

Tatlo sa walang sawang pagtugtog ang orkesta. Nagsali-salit sa tanghalan ang arking-nagsilang kulay ng ilaw-dagitab. At pagkatapos na makapapakita ng kani-kanyang bilang ang

mga gumaganap sa tanghalan ay isa-isa silang pumagitna sa entablado. Kabilang sa lumabas si Johnny Cruz, ang bida ng dulaan, na umakit ng paghanga ng kababaihan. Nagpugay ang lahat sa madla. Dahan-dahan nang sumara ng telon.

—BABALIK!... BABALIK!... BABALIK!... —ang halos iisang tingit na natsigaw ng balana.

Walang hinto ang palakpakang namamayani. Yumayang ang buong sinehan. Sa lahat ng dakoy maririnig ang matinitis na paswitan at nakabibingibing sigawan.

Sa pinakaunahan ng upuan sa loob ng dula'y patuloy sa walang sawang pagpalakpak si Luisito. Nababakas ang kasiyahan sa kanyang mukha. Halos mamatit siya sa kasigaw upang pabalikin ang mga nagpalabas sa tanghalan. Kahit na nagkanghulog sa semento ang kuwaderno niyang nakapaleng sa kandungan ay hindi niya pansin iyon. Ang kanyang paningin ay walang sawang nakatuon sa kulay granateng telon.

—Sandaling katahimkan po lamang! Sandaling katahimkan po la-

mang! —anang isang tingit na biglang pumailalang sa loob ng sinehan na medyo nagpahimik sa mga manonood. —Labis po nating ikinalulungkot na hindi na kayo mapagbigyan. Tapos na po ang ating panorin. Magbalik na lang po kayo bukas at mas maganda ang bilang na inilalang namin para sa inyo. Magandang gabi po sa kanilang lahat.

Isa-isa nang nagtayoan ang mga tao. Namalagi namang tahimik na nakauupo si Luisito. Dinampot niya sa semento ang nalalag na kuwaderno. Mataman uli siyang tumitig sa tanghalan. May nagitiim na hangarin sa sa loob ng kanyang dibdib. Isang pag-nanasa. Isang di' maipalwanag na damdamin. Nais niyang mapabilang sa dulaang iyon. Nais din niyang magiging isang artista sa tanghalan. Malit pa siya'y namuko na iyon sa loob ng kanyang dibdib.

—Tatabang napakahusay gumaganap niyang si Tsipopoy. —wika ng isang lalaking dumaan sa may tabi ni Luisito. —Kahit na yata wala kang kiliti ay mapipilitan kang tumawa.

(Sundan sa pahina 21)

Diosdado Macapagal: SUGONG BAYAN

Sa pasimula pa lamang ng talambuhay na ito, maunawaan na ang pagsusumakit ng mga taong nagkaroon ng kaugyanan sa buhay ay isang nilikhang sumira ng kasaysayan . . .

Sinulat ni Mario Nieves

SI DIOSDADO MACAPAGAL, Pangalawang Pangulo ng Pilipinas, ang pinakakontrobersiyal na tao ngayon sa pamahalaan. Nang nakaraang halalan, siya'y tinangkili nang malilit at malakali, ng lahat ng partido. Ito ang dahilan nang pagtatamo niya ng pinakamaraming boto sa lahat nang mga kandidato... higit na marami kaysa sa nakuhang boto ng nahalal na Pangulo.

Ngunit siya'y hindi mangalag sa mayamang angkán. Sa kabaligtaran, inababa pa sa karaniwang mamamayan ang kalagayan ng kanyang mga magulang. Sa kanyang mga pangunusap ay nalathang ang layunin niya sa paglalok sa pulitika: "Buhat pa sa ating pagkabalat'y natirang kong lagi sa mga labi ng maraming pulitiko na 'dapat tangkilikin ang mahihirap', ngunit nanatiling lugmok ang malilit. Ninois, kong patunayang sa mahihirap sa iya'y mahihirap din ang tunay na makatuwag."

Narito ang kasaysayan ng kanyang mga pagpupunyagi... buhat sa pagkakasilang sa malilwanang hangang sa tanghaling Pangalawang Pangulo at maging kontrobersiyal dahil sa hindi pagkakaroon ng portolyo sa pamahalaan

—o—

ANG KABAHAYAN ng tahanan ng iyon ay isang pariskat na silid na siya na ring nagsisilbing sala, kusina at kumidor. Ang isang sulod, na inihihwalay ng dindine na sawal, ay siyang pinaka-silid-tulugan. Bukod sa dalawang mahabang bangko at dalawang giray na siya ay wala nang ibang kessangkapang matatagpuan. At ang tanging mesa, na inay-kalumaa na, ay nagsisilbing altar — may malaking krusipiko sa gitna at masasabing ng mga kuwadrang pangrelihiyon sa paligid.

Tanging ang altar na iyon ang maaaring makatawag ng pansin ng sino man. Iyon ang pinakaalagang bagay ni Escolastica Romero, Pinagpapala niya iyon sapagkat siyang sumasagat sa kanyang pananaliti, sa kanyang paninindigan sa buhay.

Ang pagpapahaga ni Allng Escolastica sa altar ay napapantayan lamang ng pagkilala niya sa pananagutang larat niyang tungkulin. Siya ang umsko sa tungkulin ni Urbano. Hindi niya mapababaysang mag-isa sa buhay na iyon si Romana, ang kan-

yang manungag. Pag umalis siya'y nawawalan iyon ng kesama. Patalis ng bahay ang anak niyang si Urbano at unawu; kung keilan lamang naitin. Ni hindi niyon alumana ang kalingang dapat ipagkaloob kay Romana.

Sa panahong yaoy hindi dapat malungkot si Romana. Sa katagayan niya'y makasasama ang labis na pagkilos, ni ang pagiging malungkutin.

—Huwag pokaintindihin ang pagpapalis ni Urbano, —madalas ipayo ni Allng Escolastica kay Romana. —Sikapin mong libangan din iyong sarili. Magpalugos ka, at nang maging malusog din ang iyong..."

Hindi kumibo si Romana. Natingnan lamang niya ang maraming byenan.

—A, siyanga pala. Sandali lamang, ha? Ibibili kita ng duhat... maring-marami, para hindi ka laging naglathang.


Napagtititi si Romana. Sa mukha niya'y nabakas ang saglit na pagkapawi ng hinanakit, ang paghalili ng kagalakan... ng kaluluwa at, marahil, ng isa pang bagong pumintipit na buhay.

Naliligayahan siya sa kabila ng tagitaging atip ng bubungan, ng dalawang may-ukit-ukit nang bangko na ginawa ni Urbano, ng halos matagal nang bintana sa tuwing iyo'y tutukuran ng mahabang kawayan kung wala na ang mainit na sikat ng araw o kung tumigil na ang pagbuhos ng ulan.

Napapisi si Romana: Matitlis kaya ng isang sanggol ang lamig o ang pagpapalit-palit sa iba't ibang panginig ng kabahayan kung umunlad at walang tigil ang paglalagong ng mga patak buhat sa bubungan? Mapakina-bangan pa kaya niyon ang mga giray nang siya at may-ukit-ukit nang bangko?

At, sa pagtatanw niya sa labas ng bintana ay sunumbalik ang dating lungkot sa kanyang mukha. Nakita niya ang makapal na kawayangang naka-hang sa labi ng kalye. Hindi sana bale kung ang kawayangang iyo'y pagwag luntian. Suhali, ang mga kawayang ay manuy-unibon na, kaya naging parang sukal sa panig na iyon ng daan.

Ulang kalye Cucu (Ubo, sa Tagalog) ay Unsiulang kalye ng mahihirap. Sanhi ng makapal na kawayangang nakapamapay, walang mesag sa sarilang hangin ang mga nauoltra-



han sa magkabilang panig ng kalye. Bagama't sakop ng Baryo San Nicolas I na malipit sa kabayanan ng Lubao, Pampanga, ang Kalye Cucu ay mistulang isang slum. Ang mga ninirahan ay madalas dupan ng iba-ibang sakit. Halos sa buong panahon ay lagapan ang ubo.

Hindi lamang iyon ang ikinalungkot ni Romana. Lalong nakapagdaromdam ang pagkawili ng mga taragron sa pagsusugal sa mga sandaling walang gawain.

Nang panahong yaoy punong tagapanahang ng bigas sa Pampanga ang bayan ng Lubao. Pagsasaka ang pangunahing sangkap ng kabuhayan ng mga tao. Walang kalakalang naganaganap doon. Sakaling makaroon man, malilit ang pag-asang umunlad iyon. Panatag na sila sa kanilang pamumuhay... kumain nang tatlong ulit isang araw at magpighina nang mesaga.

Pangalawa sa pagsasaka, ang pangniginda ay isa pang pinagkakatiisan ng mga taga-Lubao.

Ngunit ang pagsasaka at ang pangniginda ay pan-panahon lamang. Sa genital'y malaking panahon ang nauukol ng mga tao sa pamamahi-

nga. At sa Baryo San Nicolas I nga, lalo na sa Kalye Cucu, walang hindi nakaalam ng sugal na ewajo, isang laro ng mga baraha na pinagkatalunan nang malaki.

Maging si Urbano ay madalas maglumagi sa mga pasugalan ng ewajo. Nagbabaka-sakali siya... gaya ng ibang naghabangang masalago ng kouting pabunong nasa kanilang luklukan.

Kadalasan, ang kilikita ni Urbano sa mga tulang nalpalalathala niya sa pahayagang nalpalalathala at sa mga dulong naitatanggal sa mga ulan ay nauuriwang labat sa mga nakatagpo niya sa pasugalan.

—Pasensya na tayo, Manang. Makabawi rin tayo sa ibang araw, —maddas niyang ipang-ellit sa kabilay. Ngunit, ang kataparan ng pangakong iyon ay hindi nalasap ni Romana. Sa panatag na ni Allng Escolastica ay hindi rin nalilhim ang pagpapabaya ng anak.

NANG DUMATING si Allng Escolastica nang hapong yon ay sumaya ang mukha ni Romana. Pagkapagnano ay labat niya ang uwing duhat ng inatod.

—Narito na bo ang mabait na lalaki? —ulasa ng bagong dating. Umiling ang tinanong. Napapalugos sa sarili si Aling Escolastica: —Sinasabko na ga ba...

Noon pa kumapit hindi ni Urbano kay Aling Escolastica ang halat niyang pagpapasawa ay tumutol no ang matanda sa dahilang walang matatag na hanapbuhay ang binata.

—Isa pa, —pasubali ng ina ni Urbano, —alam kong halagahg ka at pakikero. Hindi mo magagawang bumuhay ng pamilya.

—Siya ay maganda, Inay. Pag nakatutuyon kami hindi na ako mahuhumaling sa iba.

—Maipangangako mo kaya liyan? —Naa gulang na ako-upang maiginig sa akong salita, Inay.

Ang pagpapasawa ni Urbano ay hindi tinanggihan ng kanyang ama, si Mang Demetrio. Kompositor ng musika at liriko para sa simbahan ng mga Agustino sa San Simon, hindi sumama si Mang Demetrio sa paglipat ng anak sa Lubao. Ngunit ang dumungisina ni Aling Escolastica ay nakatansa sa pagsubaybayan sa kailangan ni Urbano. Buo sa isip niya ang kawalang-panganangit ng anak.

Kung pababayaan ni Aling Escolastica na mapagisa si Urbano, hindi nito matatutuhan ang dapat gin. Kailangan ni Urbano ang panalangin upang hindi lubos na mapabayaan si Romana.

Nang ilampin si Romana ang kailalang damay sa Baryo Gutod sa Floridablanca, may pakiramdam na siyang hindi magiging maaliwalas ang gagawin niyang pagpapaskala kay Urbano. Gayunm'y inililbih niya liyan sa kanyang mga magulang. Anastasio Pangan at Teresa de la Cruz.

Sapagkat pawang kasama sa bukirin ng isang m'zngangalang Fernin Lead ang kanyang mga magulang, lumaking sanay sa gawaling-bukid si Romana. Sa gayo'y nakahanad siyang pumusan sa mga pananangitan sa pakikipag-isanditidit niya kay Urbano.

—Poyag ka bang matira sa isang munting damay? —Ilanong ni Urbano sa kasintahan.

—Hindi ako namimili ng tirahan.

—Kahit saan?

—Kahit na saan... —Walang pasubali sa anyo ni Romana.

Sa Kalye Cucu ang sila nanirahan. Halos lahat nang dinatnan niya'y kani-kanang lote sa lugar na iyon.

Bagama't mapipintasan sa pagkaguman sa sugal ng mga taga-Baryo San Nicolas I, mapagkakapuri ang pagpapasawa niyang makapanirahan sa sariling lote.

Tatlo o apat na mag-asnak lamang ang walang sariling lupa sa mga naninirahan sa Kalye Cucu. Sila ang pinakamahirap sa lugar na iyon, at kanirawang nagiging parang mga alipin na mga may-ari ng bakurang kinatitirikan ng kailang babay.

Kabilang sila Urbano sa mga wawang sariling lote. Ang kinatatayuan ng kailang babay ay ari ni Gng. Colomba de Durzan, na isa sa may malalaking sakop na lupain sa kal-

yong iyon. (Ang Kalye Cucu ay napalitan ng Calle de Gurman makalipas ang ilang taon, at hinging sa kasalukuyan) Hindi sila pinagbabayad ni Gng. de Gurman.

—Parang tulong ko na liyan sa Inyong dalawa, —paggamagandang-loob ng ginang.

—Maraming salamot po, —tugon ni Urbano. At biniglang niya si Romana: —Ito ang magiging palasyo natin, Manang. Ako ang hari at ikaw ang reyna.

Ang pagiging parang utusan ng ibang wawang lote ay hindi nararanasan ni Romana. At sa kabila ng kawalang hanapbuhay ni Urbano, hindi sila gaeronog dumanan ng kagitipan.

